25. Panginoon, pinupuri Ka ng aming grupo sa Kabyle, dahil sa pampalakas ng loob na natatanggap nila mula sa mga tagapakinig. Marami sa kanila ay walang paraan upang makipag-ugnayan sa ibang mga mananampalataya. (Ps. 99:5)

26. Panginoon, dalangin namin ang mga kababaihan sa Central Asia na dumaranas ng diskriminasyon, pag-uusig at panggigipit. Palakasin mo sila sa kanilang pagtitiis. (Ex. 15:2)

27. Panginoong Diyos, bigyan Mo ng lakas at pag-asa ang mga kabataang babae sa Central Asia na namumuhay bilang alipin sa tahanan ng mga magulang ng kanilang asawa dahil wala silang karapatan o kakayahang makakuha ng ibang trabaho. ( Jer. 29:11 )

28.Maawaing Ama, bigyan Mo ng kanlungan ang mga mananampalataya sa North Africa mula sa patuloy na stress habang tinitiis nila ang paglala ng kaguluhan sa rehiyon, kabilang ang interogasyon at iba pang uri ng paguusig. ( Matt. 5:11-12 )

29. Panginoong Diyos, dalangin namin na mawakasan na ang kakulangan ng pagkain sa North Africa. Ipagkaloob Mo ang kanilang pangangailangan at bigyan Mo ng karunungan ang mga nasa posisyon na maaaring tumugon sa sitwasyong ito. (Ps. 146:7)

30. Panginoong Diyos, palakasin Mo ang mga kababaihan sa Central Asia, na naging Kristiyano ngunit hindi kayang ipakita ang kanilang pananampalataya dahil nanganganib sila sa pang-aapi ng kanilang mga kamag-anak. (Ps. 91:2)

31. Ama, pinupuri namin ang Iyong pangalan dahil pinapagaan na ng pamahalaan ang mga paghihigpit dahil sa COVID sa ilang bahagi ng North Africa. (Ps. 71:14)

## PRAY FOR VIETNAM

1. Tình hình đại địch hiện nay vẫn đang diễn ra nghiêm trọng ở các nơi. Xin Chúa tiếp tục bảo vệ các con cái Chúa khắp nơi. Đặc biệt có nhiều phụ nữ trong quá trình mang thai bị nhiễm Co-vid xin Chúa thương xót chữa lành và phục hồi sức khỏe.

2. Xin Chúa ban cho các phụ nữ trong Hội thánh được trang bị lời Chúa. Từng mọi lứa tuổi xin Chúa cho họ biết được vai trò quan trọng của mình trong Gia đình, trong Hội thánh, trong Xã hội.

3. Dân số Việt Nam hiện tại khoảng 97 triệu người và khoảng hơn 45 triệu người Phụ nữ Việt Nam chưa biết về Chúa. Cầu xin Chúa thăm viếng cho ngày càng có nhiều phụ nữ nghe về phúc âm và tin nhận Chúa Giê-xu cũng như được trang bị lời Chúa để chia sẻ Tin Lành cho người chưa biết Chúa.

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다

# Women of Hope
## Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2022. 10.**
**Cầu nguyện cho phụ nữ ở Trung Á, Trung Đông và Bắc Phi**

Khi người ta rơi vào hoàn cảnh quá tuyệt vọng, họ dễ dàng mất hết hy vọng. Họ cần sự giúp

đỡ của người khác để tìm thấy hy vọng cho đời sống mình. Đức Chúa Trời muốn sử dụng chúng tatheo cách đó. Chúng ta cầu nguyện cho những chị em phụ nữ sống trong thế giới Hồi giáo sẽ tìmthấy bản sắc của họ trong chính Chúa và Ngài sẽ thay đổi cuộc sống của họ, nhờ đó sẽ mang lạinhững thay đổi lớn trong xã hội.

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

**Nawa’y ipanalangin po natin…**

1. Pinupuri Ka namin, Panginoong Diyos, sa pagpapatuloy ng pagsasahimpapawid ng programang Women of Hope sa North Africa sa kabila ng pagtutol ng mga pinuno ng nakararaming relihiyon. ( 1 Thes. 5:16-18 )

2. Ama, dalangin namin ang pagkakaisa ng mga pamilya sa Central Asia sa pangingibang bansa ng mga ama upang magtrabaho at ang mga ina naman ay naiiwang mag-isa upang mag-alaga sa mga anak. ( Ps. 133:1 )

3. Ama sa langit, hinihiling namin na patatagin Mo ang Espiritual na buhay ng mga Kristiyanong kababaihan sa Central Asia upang sila ay maging patotoo sa kanilang pamilya at mga kaibigan na hindi pa nakakikilala sa Iyo. (Acts 1:8)

4.Panginoon, ingatan Mo ang aming grupo sa Kabyle, mga mananampalataya at ang mga nakikipag-ugnayan sa mga dayuhan na nakakaranas ng kalupitan mula sa mga awtoridad ng North Africa. (Awit 91:1)

5. Ama, nawa ay makapagtipon ang mga mananampalataya sa Central Asia mula sa iba't ibang mga nayon upang matuto nang higit pa tungkol sa Iyo at matulungan ang isa't isa. ( Matt. 18:20 )

6. Panginoon, aliwin Mo at ibigay ang pangangailangan ng mga bata sa Central Asia na ang mga ina ay nagtatrabaho sa ibang bansa na hindi makauwi dahil sa paghihigpit sa byahe. ( Deut. 31:8 )

7. Ama namin sa Langit, bigyan Mo ng karunungan ang aming Kabyle team habang sila ay sumasagot sa mga tanong at nakikipag-ugnayan sa mga tagapakinig ng programang Women of Hope. ( Isa. 33:6 )

8. Panginoon, nawa ay ingatan Mo, aliwin at bigyan ng tahanan ang mga bata sa Central Asia na naiiwan kapag ang kanilang mga magulang na naghiwalay ay nagpakasal sa iba. ( Matt. 18:10 )

9. Panginoong Diyos, dalangin namin ang mga mananampalataya sa Central Asia na nawa ay magkaroon ng kalakasan kay Hesus dahil ang kanilang buhay ay napakahirap at nakakapagod. ( Ps. 28:7 )

10. Ama, bigyan Mo ng karunungan at pagkamalikhain ang aming Kurdish Kurmanji coordinator habang siya ay nagsasaliksik at nagsusulat ng mga script para sa mga programa ng Women of Hope. ( Ex. 35:35 )

11. Panginoon, nawa'y tanggapin ka ng mga ina sa Central Asia bilang kanilang personal na Tagapagligtas at bigyan Mo ng makadiyos na pundasyon ng pananampalataya ang buhay ng kanilang mga anak. ( Prov. 22:6 )

12. Aming Diyos, nawa ay gumalaw Ka sa puso ng mga taong may impluensya sa pagbabago ng kultura sa Central Asia. Tulungan at palakasin Mo ang mga kababaihan doon na dumadanas ng matinding paghihigpit. ( 2 Cor. 3:17 )

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

13. Panginoon, pinupuri Ka namin kasama ng aming grupo sa North Africa para sa maraming tagapakinig na nag-alay o muling nag-alay ng kanilang buhay kay Kristo! (Ps. 9:1)

14. Ama sa Langit, aliwin Mo at bigyan ng trabaho ang mga kababaihan at ina sa Central Asia na naiwang nag-iisa dahil sa diborsyo. ( Phil. 4:19 )

15. Amang Diyos, dalangin namin ang mga kababaihan sa Central Asia. Yakapin nawa nila ang Iyong katotohanan na nagdudulot ng kalayaan. Tulungan Mo sila na makita ang kanilang halaga sa Iyong harapan. ( Eph. 2:10 )

16. Panginoong Diyos, dalangin namin ang kalusugan ng aming grupo sa North Africa. Nawa'y magampanan nila ang kanilang tungkulin sa pamilya at ministeryo sa paraang nakalulugod sa iyo. ( Ex. 23:25 )

17. Ama, dalangin namin ang mga kababaihan sa Central Asia na maiwaksi ang kaisipan ng pagpapakamatay kapag sila ay nakakaranas ng stress at sa halip ay ituon nila ang kanilang isipan sa Iyo. ( 2 Cor. 10:5 )

18. Amang Diyos, hinihiling namin na pagalingin Mo ang mga pamilya sa Central Asia na may miyembro ng pamilya na nalulong sa alkohol. Nawa, ang mga sugapang ito ay makatagpo ng kalayaan sa pangalan ni Jesus. (James 5:16)

19. Purihin ang Diyos para sa mga grupo sa North Africa na nakakatulong sa mga kababaihan ng Kabyle sa mahirap nilang pinagdadaanan tulad ng pang-aabuso, diborsyo at kakulangan sa pagkain. ( Ps. 46:1 )

20. O Panginoon, ang diborsiyo ay karaniwan sa Central Asia. Nawa, ang mga mag-asawang ito ay makipagkasundo sa Iyo at sa isa't isa. ( Eph. 4:32 )

21. Ama sa Langit, nawa ay makatagpo ng isang local na simbahan ang mga ulilang batang babae sa Central Asia kung saan maaari nilang marinig ang katotohanan sa Bibliya at sila ay magabayan sa kanilang buhay. (James 1:27)

22. Panginoon, nasira ang bahay ng isa sa mga miyembro ng Kabyle follow-up team dahil sa masamang panahon. Patatagin Mo ang kaniyang pamilya at nawa ay maibigay ang kanilang mga pangangailangan. Ingatan Mo rin sila sa pagharap nila sa kahirapan dahil sa kanilang pananampalataya. (Ps. 91:15)

23. Ama sa Langit, dalangin namin na nawa ang mga pamilya sa Central Asia: ang asawa at mga anak ng mga kababaihang mananampalataya ay makasumpong ng kaligtasang nagmumula kay Jesucristo. ( Acts 16:31 )

24.Panginoon, aliwin at palakasin Mo ang loob ng mga kababaihan sa Central Asia na ang mga asawa ay hindi tapat at iresponsable. Nawa, ang mga kababaihan doon ay makapag-asawa ng mga Kristiyano sa kabila ng pagtutol ng kanilang pamilya. (Rom. 12:12)